


Subukan nating mag- apply sa prefectural housing para sa mas maginhawang pamumuhay



Ang mga pasilidad na pinamamahalaan ng public sector agency ay makukuha sa maayos at mababang halaga. Gayundin ang mga public housing sa Saitama prefecture ay hindi naiiba. Marami ang nagnanais makakuha, subalit iilan lang ang napipili. Walang mawawala kung susubukan, kaya't subukan natin.

Magiging maganda at maayos ang ating pamumuhay, sakaling mapili at mabigyan ng Saitama prefectural housing.

Nitong mga huling taon, madalas ang nagtatanong na mga dayuhan kung paano mag-apply para sa isang apartment sa Saitama prefectural housing. Mas mababa ang upa kumpara sa private sector housing. Hindi gaanong marami sa Saitama, ngunit ito ay makikita sa iba ibang lugar. Ito ay pinapaupahan sa mas mababang halaga. Ang mga dayuhang residente ay maaaring mag apply para sa mga prefectural apartments. Kailangan lang magsumite ng mga dokumento ang mga nagbabalak umupa. Sila ay dapat nakatira o may trabaho sa bayan ng Saitama, at mas maliit ang tinatanggap na kita kaysa pangkaraniwan.

Aplikasyon: 4 beses kada taon. Alamin ang imporamasyon sa pabahay sa iyung napiling lugar.

Pinipili ang mga bagong tenants sa pamamagitan ng bunutan matapos isumite ang mga hinihinging dokumento. Ito ay ginagawa apat na beses sa loob ng isang taon, Enero, Abril, Hulyo at Oktubre. Libre ang application form na makukuha sa siyudad, munisipyo at sa tanggapan ng Saitama Housing Supply Corporation at mga sangay nito.

A. Piliin ang natitipuhang apartment.

B. Suriin kung maaaring mag-apply o hindi karapat-dapat. Kagaya ng kung 2 katao kayo sa pamilya, hindi pwede mag apply sa apartment na para sa pamilya na 3 katao.

C. Isulat ang hinihinging impormasyon sa aplikasyon.

D. Ipadala ang aplikasyon (Isang aplikasyon kada bahay) sa koreo ayon sa nakatakdang petsa. Maaaring ma-diskuwalipika kapag nakitang doble ang aplikasyon.

E. Ang numero ng bunutan ay ipapadala ulit sa aplikante. Ang mga masuwerteng mapipili sa bunutan ay makapagsisimula na ng paglilipat. Malaki ang tsansa na mapili at ito ay magsisimula sa iyong aplikasyon..kaya't ano pa ang hinihintay ninyo ? Subukan na at ipadala na ang iyong aplikasyon. (Aplikasyon para sa Enero 2013 ay tapos na.)



Librito sa paghahanda sakaling may malakas na lindol, sa 7 lengguwahe ay mababasa na. May kalakip na emergency card

Mula noong nangyari ang Great East Japan Earthquake, maraming pag-aaral at panayam ang ginagawa. Ang FICEC ay naglathala ng Guidebook at Emergency card para sa kalamidad sa 7 lengguwahe. Ito ay makakatulong para magabayan ang mga dayuhang residente kung ano ang gagawin sa mga sakunang hindi inaasahan. Inilalarawan nito ang mga evacuation centers, kaligtasan at kapakanan ng pamilya at mga paksa na hindi karaniwang pinag-uusapan ng mag-anak. Mga wika : Ingles, Intsik, Korean, Kastila, Portuguese, Filipino at Nihongo. Ang Emergency card ay nakalakip sa Guidebook. Kung nahihirapan sa pag-unawa sa Nihongo, ipakita ang card na ito para matulungan. Ang guidebook ay libre at maaring makakuha ng kopya, magsadya lamang sa FICEC Tel. **049-256-4291**

Kailangan!! Interpreters / translators at mga volunteers

May kakilala ba kayong bihasa sa Nihongo? Naghahanap ng tagasalin ng mga public documents at mga pamphlet na may kaugnayan sa FICEC at mga translators para sa dumudulog na dayuhan. Hundi maramihan ang trabaho, kokontakin kayo ng FICEC kung kailangan. Mga Wika: Ingles, Filipino, Kastila, Portuguese, Intsik at Korean. Requirements: Hindi mahalaga kung saan kayo nakatira. Sa una kailangan magsadya sa FICEC at sa susunod ay maaring sa e-mail ang pagkontak. Ang may karanasan ng higit sa 1 taong pagtratabaho ay mas maganda. Tatanggap bayad ay remunerasyon ng FICEC, at depende din sa laki at dami ng isasalin. Aplikasyon: Tumawag sa FICEC at magsadya lamang sa tanggapan. Kontak: Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC)

☎ **049-256-4290**

Alam nyo ba ang minimum na pasahod sa Saitama Prefecture sa taong 2012?

Alam nyo ba na may minimum wage sa Saitama para sa mga nagtratabaho sa kompanya o nagnenegosyo, at gayundin may minimum wage sa mga industriyang kasama sa grupo sa listahang nasa ibaba. Maaring makatulong sa atin ang data na ito.

Minimum wage sa Saitama: 771 yen/hour. Mula Oct 1, 2012

Minimum wage by industry groups	Yen/hour
Non-ferrous metal manufacturers	832
Electronic components, devices, circuits, equipments, information-communication equipments	836
Transportation equipments	847
Optical device, lenses, watch and parts	845
Retailers	802
Automobile retailers	847

Suriin na ang minimum na pasahod ng industry group ay mas may prioridad kaysa minimum na pasahod sa Saitama. (Issue date: Dec.1, 2012)

www.ficec.jp/living/

Para sa detalye : Fujimino Int'l Exchange Center (FICEC) Tel , 049-256-4290.